# 1

Gamit ang binoculars, pinagmasdan ng security chief ng *M/V Royal Star* na si Brix Salvoso mula sa top deck ang daloy ng mga pasaherong umaakyat sa barko. Napapito ito nang makita ang isang slim and slender woman with a short cap of dark brown hair.

"Hayun siya, iyong nakasuot ng lavender dress," anito sa katabing lalaki. "Looking as fresh as ever. Hindi kapani-paniwalang fifty-five years old na siya. Parang forty-five lamang."

Kinuha ni Jordan Martel ang binoculars mula sa kausap at sinilip doon ang babaeng itinuro nito. Isa siyang private detective who had been hired to investigate daring jewelry thefts on board the luxury liner.

"Iyan ang magic ng facelift," aniya habang nakatutok pa rin ang paningin sa babae.

Sa isinagawang pagsisiyasat sa background ni Aurora Chacon na prime suspect sa nabanggit na jewelry thefts, maraming impormasyong nalaman ni Jordan.

Diborsiyada si Aurora or Rory, ang palayaw

nito, sa unang asawa na pinakasalan sa States. Wala itong anak. Mahilig ang nakatatandang babae sa sosyalan, night life at pagsama-sama sa cruise. Tuwing sasakay ito sa *M/V Royal Star*, may nakawan ng mga alahas na nagaganap.

Ibinalik ng binata kay Brix ang binoculars.

"Huwag mo siyang pakasilipin," inis na sabi ni Jordan nang mapansing hindi pa rin nito inaalis ang atensyon sa pasahero pagkatapos ng ilang sandali. "Baka makahalata siya."

"Nakakaaliw kasi siyang pagmasdan kahit na puwede ko na siyang maging ina. Maganda ang mga binti niya. Mukhang magiging exciting ang trabaho mo."

Naasiwa si Jordan nang maalala ang napag-usapan nilang plan of operation ni Brix. Balitang mahilig sa nakababatang lalaki si Rory. At iyon ang sasamantalahin niya, playing the ardent suitor para mapalapit sa babae. Kung hindi niya ito mahuli sa akto, balak niyang makapasok sa cabin nito at maghanap ng conclusive evidence na ito ang nagnanakaw ng mga alahas.

Gusto ni Brix na hintaying may mangyaring nakawan at pagkatapos ay hahalughugin ang cabin

ni Rory. Puwedeng ipahintulot ito ng ship captain.

Ngunit hindi pumayag si Jordan dahil gusto niyang pangalagaan ang privacy ng mga pasahero ng luxury liner. Hindi siya kikilos laban kay Rory hangga't walang nakikitang compelling evidence na ito nga ang magnanakaw. At siya ang magbibigay ng ebidensyang iyon.

Hindi niya gustong magpanggap ng isang manliligaw. Ang trabaho niya ay pangkaraniwang behind-the-scenes investigation para sa malaking security firm na pinapasukan, hindi ang undercover jobs. Ngunit kung minsan, wala siyang choice kung anong trabaho ang tatanggapin. At isa ito ngayon sa mga pagkakataong iyon.

Isang nakababatang babae na katabi ni Rory ang nakatawag ng kanyang pansin. Hindi niya gaanong masabi kung tama ang nasa isip niya dahil sa distansya, ngunit mukhang pamilyar ang babae. Petite and shapely with silky black hair that hung loosely past her shoulders. And a soft, generous mouth.

"Akin na nga iyang binoculars," sabi niya na biglang inagaw ang optical device mula sa katabi.

Sa sandaling napagmasdan niya ang magnified

image ng babae, alam niyang hindi siya nagkamali ng hinala.

“Iyong katabi ni Rory ay inaanak nito sa binyag, si Kasey Morales. Ano’ng ginagawa niya dito? Akala ko ba ay nag-iisang naglalakbay si Rory?”

“Ganoon nga ang madalas mangyari. Hindi ko alam na may inaanak pala si Rory sa binyag na isasama dito sa cruise na ito,” katuwiran ni Brix.

“Iyan ang dahilan kaya mo kinuha ang services ko, hindi ba? Ang alamin lahat tungkol kay Aurora Chacon.”

“Natitiyak mo bang iyon ang inaanak niya sa binyag?”

“I’m sure.” Sa loob ng dalawang linggo niyang pagmamanman kay Rory, minsan lamang nakita ni Jordan ang dalaga mula sa malayo. Isang tingin lang kay Kasey Morales ay alam na niyang ito ang tipo ng babaeng nagpapahina sa kanyang tuhod.

The younger woman had black eyes, fair skin and a curvaceous figure. Iyon ang mga katangiang pamatay sa libido ng lalaki.

Binawi ni Brix ang binoculars nito at sinilip doon si Kasey. “Malayo siya sa ninang niya, pero hindi

na rin masama. Sa akala mo ba, makakagambala ang babaeng 'yan sa ating mga plano? Baka hindi maisipan ni Rory na magnakaw ng alahas dahil kasama niya ang inaanak."

"Kailangang mailayo ko si Kasey sa ninang niya."

"Puwede kong gawin 'yan," excited na pagpiprisinta ng kasamahan.

Hindi nagustuhan ni Jordan ang suggestive tone ng pananalita ni Brix. Pinagmasdan niya ang katabi; lapitin ito ng mga babae. Hindi ito matangkad at hindi rin malaki ang pangangatawan, but he was clean-cut and pretty-boy handsome. Baka maakit nito si Kasey.

"Hindi, Brix, huwag na," tanggi niya. "Mahirap din ang trabahong pagpapanggap. Baka ma-arouse ang suspicion ng dalawang babaeng ito."

"Sino ang nagsabi sa iyong magpapanggap lamang ako? Maganda din naman ang chick na ito. At hindi ang suspicion lamang niya ang balak kong i-arouse," pilyong saad nito.

Napapikit sa inis si Jordan.

"Brix, baka ito na lamang ang ating pagkakataon para mahuli si Aurora Chacon. Inuulit ko, huwag ka

sanang magkakamali sa anumang gagawin mo para pumalpak ang operation na ito.”

Muli niyang pinagmasdan si Kasey. Napakaganda nito; she possessed an innocence that was very appealing to men like him. Mahubog ang long legs ng dalaga. Tumatawa ito sa ibinubulong dito ni Rory.

Napailing si Jordan. Sayang at ang misyon niya ay matiklo ang ninang ng dalaga at maipakulong.

---

Hindi pa man pumapalaot ang *M/V Royal Star* ay bored na si Kasey. Hindi niya talaga gusto ang sumasakay sa isang luxury liner. Hindi kasi siya sanay sa pangmatagalang pananatili sa init ng araw at hindi siya magaling sa shuffleboard at ang pagpunta-punta sa club ng dambuhalang sasakyang-pandagat sa gabi ay hindi rin niya type. Mas gusto pa niyang nakadapa sa kama na may binabasang isang interesting na libro.

At naalaala niya ang kanyang seasickness.

“Ininom mo na ba ang motion sickness pills mo?” tanong ni Rory. Kasalukuyan silang nasa cabin.

“Opo, Ninang,” magalang niyang sagot.

“Kasey, huwag mo naman akong tawaging

'Ninang' habang narito tayo sa cruise. Ayaw kong malaman ng lahat na may-edad na ako. Sa pagkakataong ito, forty-four lamang ako at kaibigan kita."

Napailing na lamang ang dalaga. Alam niyang kaya nasa cruise na ito ang ninang niya ay dahil naghahanap ulit ito ng potential husband. At determinado siyang huwag itong mahulog sa isang walang-kuwentang lalaki.

Pinagmasdan ni Rory ang simpleng suot ng inaanak, isang berdeng palda at bulaklaking blusa. Disgustadong napailing ito.

"Huwag mong sabihing iyan ang isusuot mo sa cocktail party?"

"Bakit, ano ba ang problema sa suot ko?"

"Para ka namang magtuturo sa eskuwelahan sa attire mong 'yan," sita nito. "Magpabongga ka naman, hija. Isuot mo ang isa sa mga cute outfits na binili ko para sa iyo. Mahalaga ang first impressions."

Naghalungkat si Rory sa closet ng cabin. Nakalagay roon ang mga damit ng dalaga.

"Ah, ito ang perfect," anito at kinuha ang isang white shorts outfit trimmed in navy blue piping.

"Mayroon akong navy blue straw hat na babagay dito. Maghintay ka." Iniabot nito ang outfit kay Kasey at nawala ito through the connecting door patungo sa kabilang cabin.

Nagbihis si Kasey. Palaging gusto ni Rory na gawing parang fashion model ang inaanak. But it never worked. Hindi siya ang tipo ng babae who will go for more fashionable clothes at ang mas gusto niyang mga kasuotan ay iyong mga simple but comfortable.

Pero pababayaan niyang ibuhos ng babae sa kanya ang atensyon nito. Sa ganoong paraan ay hindi ito magkakaroon ng panahon na makasalamuha ang kung sinong oportunistang lalaki.

Ayaw niyang makatagpo si Rory ng lalaking mapupusuan sa cruise na ito dahil gusto niyang maging stepmother ang kanyang ninang. Ito rin ang naging dying wish ng namatay niyang mama. Matalik nitong kaibigan si Rory kaya ito ang naging ninang ng dalaga.

Divorcee na ang matandang babae nang maulila si Kasey. Pagkalipas ng dalawang taon mula nang mamatay ang mama niya, inireto na niya ang ninang sa kanyang papa. Ngunit tila hindi pa handang mag-asawang muli si Leandro Morales o

may alinlangan ito na hindi maka-cope kay Rory. May pagka-conservative ang papa ni Kasey at hindi mahilig sa sosyalan. Tila natatakot ito na baka hindi sila compatible ng ninang ng anak.

But Kasey knew that her father was very fond of Rory. Ito ang troubleshooter ng babae sa mga problema nito, and not only once did Leandro bail her out of her troubles.

Ang matandang lalaki mismo ang nag-suggest sa anak na samahan ang kanyang ninang sa cruise na ito to keep her out of trouble. Tila takot din ito na makakita ng bagong mapapangasawa si Rory.

Ayaw niyang magkalayo nang tuluyan ang dalawang matanda. Pakiramdam ni Kasey ay kailangan ng mga ito ang bawa't isa at wala siyang ibang gustong maging madrasta kundi ang Ninang Rory niya.

Nang makapagbihis, nagtungo ang dalawang babae sa main deck ng *M/V Royal Star* kung saan may lavish buffet of fresh fruit, cheese and crackers. May champagne pa pero sumasakit ang ulo ni Kasey kapag uminom siya niyon.

"Halika, pumila na tayo sa buffet table," yaya ni Rory habang iginagala ang paningin. Napabuntong-

hininga ito. "Lord, wala bang kalalakihan ditong under seventy?" inis na tanong nito.

Napansin nga ni Kasey na sa cruise na iyon ay tila napakaraming lalaking mapuputi ang buhok at ilan sa mga ito ay nakabaston pa. Ngunit walang shortage ng male hormones kung pagbabatayan ay ang mga tinging ipinupukol ng mga ito sa kanyang ninang.

Kahit na seksi ang kanyang suot, bale-wala si Kasey sa tabi ng kanyang attractive at seksing ninang. Palagi namang ganito ang nangyayari.

Nakakita ng bakanteng mesa ang dalawang babae at nagsimula na silang kumain. Nagpatuloy sa paghahanap ang mga mata ni Rory.

"Saan na ba napunta ang mga makikisig na kalalakihan?" tanong nito.

"Tila ayos ang isang iyon." Itinuro niya ang isang kagalang-galang na lalaking sixty-ish ang hitsura with silver hair and healthy tan. Mukhang maginoo ito.

"Ah, si Dr. Jarlego iyon," walang-interes na sabi ng ninang niya. "Biyudo siya at ilang beses ko nang nakasabay sa ganitong mga cruise. Oo, maginoo siya at mayaman pero… napakatanda na niya para sa

akin. Lahat ng mga naririto ay matatanda. Mukhang nag-aksaya lamang ako ng panahon sa—" Nanlaki ang mga mata nito at napaawang ang mga labi. Napaderecho ito ng upo at ang sharp brown eyes nito ay may tinitingnan sa di-kalayuan. "Tumingi ka nga sa banda doon, Kasey."

"Saan?" tanong aniya at tumingin sa direksyong ininguso ng ninang.

And then she saw him. And she wondered how they had missed him before.

Tila higit na matangkad ito sa mga lalaking naroon at taglay nito ang lean, hard good looks ng isang lalaking race car driver o mountain climber. Or an athlete.

His hair was jet black and wavy. His broad shoulders stretched the confines of the cotton print shirt that he wore. The tame shorts that he was wearing revealed a pair of muscular and powerful legs.

He was the best-looking man na nakita ni Kasey sa loob ng mahabang panahon. He took her breath away. Malas lamang dahil may seksing babaeng nakakapit sa braso nito.

Nakikipag-usap ito sa isa pang lalaki na halos

kaedad nito—early thirties. Guwapo rin ang kausap nito, pero higit na guwapo ang matangkad na lalaki na may katabing babae.

"Hindi masama, ha?" natutuwang sabi ni Rory. "At dalawa sila!"

"Ninang! Ang dalawang iyon ay napakabata para maging—"

"Tumahimik ka at huwag mo akong tatawaging 'Ninang,'" mabilis na putol nito.

"O sige, Rory. Pero kung magsalita ka, para bang ang dalawang iyon ay hinog na mga bayabas na basta lamang pipitasin mula sa puno. Paano mo naman malalaman kung may interes ang mga 'yon sa atin?"

"Instinct, my dear. Isa pa, wala akong nakikitang competition."

"Hindi mo ba nakikita iyong kasama niyang babae na malaki ang boobs?"

"Ah, iyon ba? Napakabata pa n'un to hold his interest for long," bale-walang tugon ni Rory. "Ang lalaking tulad niya ay higit na magkakagusto sa isang sophisticated, experienced woman."

"Lord, tila papunta sila dito sa mesa natin."

Biglang ibinaling ni Kasey ang atensyon sa kinakaing strawberries.

"Of course, papunta sila dito dahil pinungayan ko sila ng mga mata."

Tumingin siya sa papalapit na mga lalaki at nagkatitigan sila ng mas matangkad sa dalawa. Matagal.

"Hey, tama na iyan, huwag mong pagkatitigan ang mas pogi sa kanila," bulong ni Rory. "Napakainosente mo talagang bata ka."

"Ano ba ang masama sa pagiging inosente?"

"Nagiging killjoy ka. Iyan ang hindi tama dito."

"Nagiging maingat lamang ako. Ayaw ko nang padalos-dalos at makikipagdiborsyo pagkatapos." Nagsisi siya kung bakit niya sinabi iyon dahil napansin niyang tila nasaktan ang kanyang ninang.

"Nakipagdiborsyo man ako pero naranasan ko nang umibig. At para sa 'kin ay mahalaga 'yun. Masarap ang pakiramdam ng umiibig kahit alam mong hindi magtatagal. At ikaw, my dear, ay magiging kulubot na pasas kapag hindi mo binago ang attitude mo. Sana magkaroon ka naman ng kaunting buhay…"

"Sorry, Ni—Rory. Hindi ko dapat na sinabi iyon. I didn't mean it."

"At malayo pa para maging kulubot na pasas ka. Kaya lamang, baguhin mo ang pananaw mo sa pag-ibig."

"Susubukan ko. Pangako." At marahil ay kailangan ngang gawin ito ni Kasey. At ang matangkad na lalaking palapit sa kanila ay magiging sapat na dahilan para gawin niya iyon.

Ngunit kailangan niyang ayusin ang love life niya. Hindi sa ayaw niya ng lalaki sa kanyang buhay. Tila hindi lamang siya marunong makipag-communicate with the opposite sex on a romanctic wavelength. Karamihan sa nakikilala niyang mga lalaki ay may tendency na ituring siyang isang kid sister.

"Puwede ba kaming maki-share sa table ninyo?" anang isang baritonong boses sa likuran ni Kasey.

Muntik nang malulon nang buo ng dalaga ang strawberry na kasusubo lamang niya.

Naroon na si Mr. Gorgeous at hindi nito kasama si Big Boobs. Tinitingnan siya nito with his warm dark eyes, his gaze checking her out in an unbrotherly way, roaming from the top of her head down to her

waist. Then his eyes shifted, lingering on her full breasts.

Nag-init ang mukha ni Kasey at nag-isip ng dapat na sabihin.

"Please, join us," narinig niyang sabi ni Rory at nakahinga siya nang maluwag. "I love meeting new friends on cruises like this. Ito nga pala si Kasey Morales, kaibigan ko."

Matapos sabihin ng dalawang lalaki ang kanilang mga pangalan ay nakipagkamay ang mga ito sa kanila. Naupo ang mga ito pagkatapos.

Ang matangkad sa dalawang lalaki ay si Jordan Martel. A name that seemed to fit perfectly.

The shorter man was Brix something. Kahit na hindi kasing-bold ng titig ni Jordan, hindi gusto ni Kasey ang ginawang pagtingin sa kanya ni Brix.

"Ito ba ang unang cruise mo?" tanong ni Rory, ang mga mata ay naka-focus kay Jordan. Naglabas ito ng sigarilyo at sinindihan iyon ng lalaki, cupping his hand around the flame to protect it from the wind. Humawak si Rory sa kamay nito to steady it at saka ngumiti.

Lihim na napahinga nang malalim si Kasey.

Hindi nag-aaksaya ng panahon ang ninang niya upang makuha ang atensyon ng guwapong lalaki.

"Unang cruise ko ito," ani Jordan. "Ikaw, Rory?"

"Ilang beses na akong nakapaglakbay. Addicted yata ako sa laot. Pero ito ang unang cruise ni Kasey, hindi ba, dear?"

Kiming tumango ang dalaga.

"At ikaw naman, Brix? Tila pamilyar ang mukha mo sa akin," baling ni Rory sa kasama ni Jordan.

"Nagtatrabaho ako sa administration ng *M/V Royal Star Lines*," sagot ni Brix. "Madalas akong nakatali sa loob ng opisina ng barko at hindi ko na magawang makipag-socialize sa mga pasahero. Napakalungkot na pangyayari." Tumingin ito kay Kasey.

Lihim na nainis ang dalaga. Akala siguro ng lalaking ito ay may kursunada siya rito. Well, he'd better focus on someone else. She was not interested in this man.

Pero ibang usapan pagdating kay Jordan.

"Bakit ka naging interested na sumama sa cruise na ito?" tanong ni Rory.

"Naisip ko kasing mag-invest sa *Royal Star Lines*. Pero hindi ako basta naglalagay ng pera nang hindi muna nagsisiyasat na mabuti. Bahagi ng aking observation ang pagsasama ngayon sa cruise na ito."

"At nagustuhan mo naman ang nakita mo?"

Tumango si Jordan. "Very much."

Nagkatitigan sina Rory at Jordan nang ilang sandali. Pero napansin kaagad iyon ni Kasey. Alam niyang her godmother was in the process of making another conquest.

Para siyang sinipa sa sikmura. Hindi siya dapat na mabahala kung tutuusin. Men were always attracted to Rory. Men fell in love with her godmother. Pinagkakaguluhan ito ng mga lalaki na nag-uunahan sa atensyon nito dahil sweet si Rory at masarap kasama. Alam ng babae kung paano bigyan ng halaga ang damdamin ng mga ito, making them feel handsome and desirable.

Nasaksihan na niya ang bagay na ito nang maraming beses. So, bakit siya biglang nababahala? Dahil ba kay Jordan Martel? Ang lalaking ito ay tila object ng atensyon ngayon ni Rory. Ito rin ang nag-iisang lalaki sa cruise na iyon na nakatawag sa kanyang pansin.

Ang mga alaala sa nakaraan na inakala niyang naitabi na niya ay biglang nag-resurface. Ang pangyayaring kinasangkutan ni Clint Moran ay hindi kasalanan ng kanyang ninang, paalala niya sa sarili. Rory was just being her usual charming self.

Si Clint ang unang boyfriend ng dalaga at malaki ang tanda nito sa kanya. He was thirty-two to her starstruck twenty-one. Isa itong doktor na galing sa mayamang angkan. Kasey was convinced that he was her destiny.

Dinala niya ang nobyo sa kanilang bahay para ipakilala ito sa kanyang papa at ninang.

Sa sandaling nasilayan ni Clint si Rory, na-in love kaagad ito sa nakatatandang babae, kasing-bilis ng isang diver na tumalon mula sa high board.

Hindi ito binigyan ng biyuda ng anumang encouragement. Pero hindi na kailangang magbigay pa ng encouragement si Rory. Tinamaan nang husto rito si Clint. Hinabul-habol nito ang babae kahit na tahasang sinabi ng huli na wala itong gusto sa ex ng inaanak.

Kinailangan pang makialam ang papa ni Kasey para tigilan ni Clint ang pangungulit kay Rory.

Ang pangyayaring ito ay ancient history na,

paalala niya sa sarili. Ngunit ang sakit na idinulot ng kataksilan ni Clint ay sumusundot pa rin paminsan-minsan sa puso niya.

Narinig ni Kasey na tumawa si Jordan sa mga sinasabi ng kanyang ninang. Napakasaya ng tawang iyon at napatingin siya sa lalaki. His lips were full and sensual, mapuputi at pantay-pantay ang ngipin nito.

Ang binanggit kanina ni Rory na si Dr. Jarlego ay naki-join sa kanilang grupo. Ilang sandali pa, pati si Brix ay nakatuon na ang pansin sa nakatatandang babae. Noong una ay nakapako ang atensyon nito sa kanya, ngayon ay tila nakalimutan na nitong naroon siya.

Sa pakiramdam ni Kasey, bigla siyang naging invisible.

Hindi siya dapat na makaramdam ng disgust. Hindi siya dapat na managhili sa kanyang ninang. Dapat nga siyang matuwa na ang lalaking natitipuhan nito ay tila mayaman and stable, hindi isang penniless fortune hunter.

Ngunit kung minsan, nakakalinlang ang panlabas na anyo.

Bigla siyang tumayo. "Ipagpaumanhin ninyo

kung iiwan ko na kayo pero napakainit ng araw. Sumakit ang aking ulo. Kailangan kong mahiga muna."

Nang lalakad na sana siya ay sumabit ang strap ng kanyang shoulder bag sa silya at nahirapan siyang ma-disentangle ito. Napansin niyang tila amused siyang pinagmamasdan ni Jordan.

# 2

Ibinalik ni Jordan ang atensyon kay Rory ngunit si Kasey ang laman ng isip niya. *Ano kaya ang nangyayari sa babaeng 'yon?* naitanong niya sa sarili. May pakiramdam siyang naiirita lamang ang dalaga at hindi masakit ang ulo nito.

Sinundan ng tingin ni Rory ang papalayong inaanak. Katulad ng iniisip nito ang nasa isip ng binata.

"Marahil ay kailangan kong sundan siya. Madalas siyang magkaroon ng seasickness," sabi nito sa mga kasama sa mesa.

Tumayo si Brix. "Ako na ang bahala. Titiyakin kong makakabalik siya sa kanyang cabin."

"At marami akong dalang gamot para sa motion sickness," sabad ni Dr. Jarlego na akmang tatayo na rin.

"Please, huwag na kayong mag-abala," sabi ni Rory. "Brix, marami pa akong gustong itanong sa iyo tungkol sa cruise ship na ito. Napaka-fascinating marahil ang trabaho mo rito. At ikaw, Doc, hindi ka dapat na nag-aalaga ng mga pasyente sa ganitong

lakarang dapat ka sanang mag-relax. Marahil naman…” Tumingin ito kay Jordan. “Puwede bang ikaw na lamang, Jordan, ang maghatid kay Kasey sa aming cabin?”

“Sure. Ikinagagalak kong gawin iyan.” Nakaramdam siya ng labis na kasiyahan.

Ang papel niya ay makipagromansa kay Rory. Pero tila napakaimposibleng gawin iyon kapag naroon ang inaanak nito. Ngayong wala na si Kasey sa umpukan, ito na ang pagkakataon niya. Ngunit ang tanging nasa isip niya ay ang habulin ang dalaga at alamin ang problema nito.

Well, si Rory na mismo ang nakiusap sa kanya na sundan si Kasey at gusto lamang niyang pagbigyan ito.

“Babalik agad ako,” aniya at nginitian nang buong tamis si Rory bago umalis.

Hindi nahirapan si Jordan na abutan ni Kasey. Nasa buffet table ang dalaga at tinitikman ang isang bagong brand ng queso na inilagay nito sa crackers.

“Mukhang napakasakit ng ulo mo,” anang baritonong tinig mula sa likuran nito at gulat na napalingon ang babae.

"Ikaw pala. Naisip kong baka makatulong itong cheese and crackers. Wala pa akong ibang nakain kundi panay strawberries."

Naalala niya ang strawberries. Hindi niya maalis ang paningin kanina sa dalaga habang isinusubo nito ang mga iyon.

"Subukan mo 'tong Swiss cheese," anang binata. Tinusok niya ng toothpick ang isang cube ng queso at isinubo sa dalaga.

"Mmm… tama ka, napakasarap nito," anito habang nginunguya ang pagkaing nasa bibig.

Tinikman pa nila ang ibang quesong nakahain doon.

"Kumusta na ang sakit ng ulo?" tanong ni Jordan.

"Hindi naman talaga masakit ang ulo ko," pag-amin ni Kasey. "Nairita lang ako kapag nakikita ko si Ninang na nakikipag-flirt."

Napatitig sa kanya ang lalaki. "Ninang mo si Rory?" tanong niya, kunwari ay walang nalalaman tungkol sa bagay na iyon. "Akala ko kaibigan ka lang niya."

"Oo, ninang ko siya. Ayaw lang niyang tawagin

ko siyang 'Ninang' kasi pinapatanda ko raw siya samantalang mukha pa rin siyang bata. Palabas lang niyang kaibigan niya ako."

Tumangu-tango si Jordan. "I see. Mabalik tayo sa pinag-uusapan natin kanina. Bakit ka naman maiirita pag nakikita mong nakikipag-flirt si Rory sa mga lalaki? Flirtation is an art at mahusay dito ang ninang mo. At exciting ito. Bakit hindi mo subukan?"

"Hindi na, salamat," inis na sabi ng babae. "Mas type kong manatili na lamang sa background."

"Hindi bagay sa iyo ang nasa background lang."

Tumaas ang kilay ni Kasey. "Nakikipag-flirt ka ba sa akin? Naniniguro ka kung sakaling tanggihan ka ni Rory?"

Hindi sumagot si Jordan. Tila nahuli siya ni Kasey sa puntong ito. Ngunit hindi siya nakapagpigil; gusto lang niyang pangitiin ang babae.

Ngunit baka mainis sa kanya ang dalawang babae. Ang isang lalaking dala-dalawa ang tina-target na magninang pa naman ay maaaring matawag na isang taong walang prinsipyo.

"Wala akong pakialam kung gusto mong ipagsiksikan ang sarili mo kay Rory. Pero dapat mong

malamang nagkaroon na siya minsan ng asawa at nakipaghiwalay."

Pinagbuti ni Jordan ang pakunwaring pagkagulat. "Talaga?"

"At mag-iingat ako kung ako ikaw. Baka ikaw ang napipisil niyang maging husband number two."

"Masyado namang mabilis ang imagination mo. Enjoy lamang kami sa pag-uusap. Ngunit mababahala ka ba kung sakaling may gusto nga sa akin si Rory?"

"Tama ka. Dahil mukhang… nanay… este, nakakatandang kapatid mo na siya."

"Hindi naman mahalaga ang agwat ng aming mga edad. Hindi naman malaki ito. Sa palagay ko mas malaki ang agwat ng ating mga edad."

Pero totoo, sampung taon ang tanda ni Jordan kay Kasey pero mas bata siya ng twenty years kay Rory. Ngunit hindi niya dapat ipahalatang alam niya ito.

"Hindi ang age difference natin ang issue dito. Isipin mo kung ano ang gusto mong isipin. Pero hindi ako makakapayag na makuha si Rory ng isang nakababatang makisig na lalaki who has nothing in common with her."

Ngumiti siya nang pilyo. "Sa tingin mo ba ay makisig ako?"

Namula ang dalaga. "Kung ano man ang tingin ko sa iyo ay hindi mahalaga." Tinalikuran nito ang kausap at lumayo sa buffet table.

Hindi pa tapos si Jordan sa pag-uusap na iyon. Fascinated siya sa pag-aalala ni Kasey sa ninang nito. Sumama kaya sa cruise na ito ang dalaga para protektahan si Rory sa mga lalaking tulad niya na inaakala nitong isang oportunista?

Sumunod siya sa babae hanggang sa tumigil ito sa tapat ng railing para tumanaw sa madilim na laot. Tumabi siya rito.

"Kung hinahadlangan mo ang pagpapakasal ni Rory sa isang talunan, wala kang dapat na ikatatakot sa akin. Maganda ang ninang mo pero wala pa akong balak na magpakasal. Kahit kanino. Hindi sa ngayon."

Naningkit ang mga mata ni Kasey. Tinitigan siya nito.

"So, gagamitin mo lamang pala ang ninang ko at pagkatapos ay bibitawan mo, ganoon ba?"

"Bakit mo naman naisip na balak kong gamitin

si Rory? Hindi ba puwedeng mag-enjoy lamang ako sa company niya? Bilang isang kaibigan?”

“Kung iyan lamang talaga balak mo, naiiba ka nga. Para kay Rory.”

Hinaplos niya ang kanyang baba. “Sino ang nagturo sa iyong magkaroon ng napakababang pagtingin sa mga lalaki?”

Ibinaling ni Kasey ang paningin sa laot. Hinawakan ni Jordan ang baba nito para tumingin sa kanya.

“Isa lamang akong realist. Kapag nagdidikit ang lalaki sa babae, dalawa lamang ang nasa isip nito.”

“Ganoon ba? Ano naman ang nasa isip ko ngayon?”

Pinagmasdan siya ng babae at sa ilang sandali, kinabahan si Jordan na baka mabasa nito ang talagang nasa isip niya.

“Hindi ko alam at wala din akong pakialam. Ngayon, ipagpaumanhin mo pero pupunta na ako sa aking kuwarto.”

“Ihahatid na kita doon.”

“Hindi na kailangan.”

"Pero ipinangako ko kay Rory na sasamahan kita hanggang sa iyong cabin. Nag-aalala siya sa iyo. Dito tayo," ani Jordan nang maling direksyon ang nilikuan ni Kasey.

"Paano mo nakabisa ang bawat panig ng barkong ito? Akala ko ba ito ang unang cruise mo?"

"Inanyayahan ako ng mga namamahala dito isang araw bago ito pumalaot. Para daw mapagmasdan ko ang cruise preparations. At tila naman maayos ang lahat."

"Kung ganoon, bakit pa kailangan ng mga ito ang iyong investment?"

"Nangangailangan ng karagdagang capital ang expansion. Gustong magpagawa ng isang bagong barko ang management ng **Royal Star Lines**. At naghahanap naman ako ng investment para kumita ang aking kaunting naiipon." Umaasa siyang hindi na magtatanong pa ang kausap dahil limitado lamang ang kaalaman niya sa mundo ng finance.

Isa pa, ayaw na ayaw ng binata ang pagsisinungaling kahit na bahagi ito ng kanyang trabaho. Hindi na maganda ang opinion ni Kasey sa kanya, ayaw na niyang gatungan pa iyon. Sa halip, gusto niyang kumbinsihin ang dalaga na

may mararangal pa ring kalalakihan sa lupa. Mga lalaking hindi lamang sex, pera o kapangyarihan ang hangad.

Gusto niyang patunayan na isa siya sa mga lalaking ganito. Isang lalaking nagpapahalaga sa talino ng babae at hindi lamang sa katawan nito. Isang lalaking nasisiyahan sa paglalakad sa dalampasigan sa ilalim ng sinag ng buwan nang higit kaysa isang walang-kahulugang gabi sa kama kasama ang isang babae.

At kapag nalaman ni Kasey na ang hangad niya ay ipakulong ang ninang nito, alam niyang mawawalan ito ng gana sa kanya.

Nakarating na sila sa tapat ng pinto ng cabin ng babae.

“Magtiwala ka naman sana sa akin, Kasey. Kung hindi man ako ang ideal match para kay Rory, pero kapag nagdidikit ako sa kanya, mawawalan siya ng pagkakataong makahalubilo ang isang higit pang hamak sa akin. Iyon ang pinangangambahan mo, hindi ba?”

Nag-isip ang dalaga. “Kung gusto ninyo ni Rory na magkasama, wala naman akong magagawa. Hindi masamang mahulog ang loob niya sa isang

wealthy financier na tulad mo—kung ganito ka nga. Pero tandaan mo sana ito. Susubaybayan ko kayo at kapag natuklasan kong iba ang pakay mo, mananagot ka sa akin. Masama akong kaaway."

Pumasok na sa loob ng cabin si Kasey at maingat na isinara ang pinto. Nakaramdam ng guilt si Jordan at kailangan niyang ipaalala sa sarili na ang lahat ng ito ay bahagi ng kanyang trabaho at binabayaran siya para hulihin ang isang magnanakaw ng alahas. Ngunit tila napaka-unfair na ang inosenteng inaanak ng magnanakaw ay masasaktan in the process. Iyon ay kung tunay ngang magnanakaw si Rory.

Sa likod ng pinto, pinigil ni Kasey ang paghinga habang nakasandal dito at tinitiyak na nakalayo na si Jordan. Huminga siya nang malalim. Naiirita siya kapag naiisip niyang tila dalawa sila na pinagsasabay na mabihag ng binata. Sila ng ninang niya.

Alam niyang wala pa namang namamagitan kina Jordan at Rory, pero nararamdaman niyang may mangyayari. Something sort of… sexual.

O baka naman ini-imagine lamang niya ang lahat. Na palaging sinasabi ni Rory sa kanya kapag ang usapan ay dumadako na sa lalaki. Naisip niyang hindi maaaring magkaroon ng lasting interest si Jordan Martel sa isang pangkaraniwang babaeng

tulad niya.

Naupo siya sa kama at sumandal sa sinalansang mga unan. Paano niya mahahadlangan si Rory na mabaliw sa isang lalaking tulad ni Jordan? Wala siyang nalalaman pagdating sa pakikitungo sa mga lalaki.

Marahil ang tanging paraan ay kapag ipinagsiksikan niya ang sarili sa binata. Maaaring isa itong walang-kahulugang pansamantalang shipboard romance, pero mahahadlangan niya ang anumang magiging balak nina Rory at Jordan. Kahit na sinabi ng lalaki na wala pa sa isip nito ang pagpapakasal, nangangamba siya na mabibihag si Jordan ng charms ng ninang niya.

Nang makabalik sa kanilang cabin si Rory, kaagad nitong kinumusta ang kanyang pakiramdam.

"Alam mo bang ang guwapong si Brix ay may gusto sa iyo, Kasey?" mayamaya ay tanong nito.

Napangiwi siya. "Sana ay sinabi ninyong mayroon akong nobyong bouncer at kaya siyang pulbusin nito."

"Wala akong sinasabing ganoon. Sa halip, ipinaramdam kong available ka. Tama ba ang ginawa ko? Hindi mo ba gusto si Brix?"

Napanganga si Kasey sa narinig. Siya, may gusto sa lalaking iyon? Umiling siya. "Hindi tama ang ginawa mo at hindi ko gusto si Brix. Please, Ninang, huwag mo sanang pakialaman ang love life ko."

"Gusto ko lang makatulong, hija. Bakit ka pa sumama sa cruise na ito kung ayaw mo palang makakilala ng mga lalaki?"

"Para mag-relax." Hindi masabi ng dalaga na sumama lang siya sa cruise para pigilan si Rory na pumatol na naman sa kung sinong lalaking hindi karapat-dapat.

"Ngunit sa tingin ko'y hindi ka makapag-relax. Para bang lalo kang natetensyon."

"Bigyan mo ako ng kaunting panahon, Ninang. Unang araw ko lang ito sa cruise na ito."

---

Nang patungo na sila sa nine o'clock dinner sa eleganteng Oceanview dining room, mabuti-buti na ang mood ni Kasey. Relaxed na ang kanyang pakiramdam sa simpleng kasuotan. Ipinusod niya ang mahabang buhok.

Bigla siyang nanlambot nang makita kung sino ang mga nakaupo sa mesa nila.

Tumayo sina Jordan at Brix nang palapit na ang dalawang babae. Hinagkan ng una sa pisngi si Rory na ikinainis ni Kasey.

Nakasuot ng white shirt at charcoal jacket ang binata. Sa paningin ng dalaga ay napakakisig nito sa ayos nitong iyon.

“Ipagpaumanhin n’yong gumawa kami ng arrangement para magka-share tayo ng mesa,” ani Brix.

“Isang karangalan,” saad ni Rory at napatingin ito sa inaanak na nanatiling walang imik.

Si Rory at ang dalawang lalaki ay nag-usap at nagkuwentuhan. Masaya ring nagtatawanan ang mga ito.

Parang walang pumapansin sa pananahimik ni Kasey, ngunit paminsan-minsan, dudukwang si Brix at may ibubulong sa kanya. Lihim siyang nandidiri sa hininga nitong tila pumapaypay sa kanyang pisngi. Gusto na nga niyang bumalik sa kanyang cabin at maghilamos.

Nang dalhin ng waiter sa mesa ang kanilang order ay nilantakan na nila ang pagkain. Tahimik lang na kumain  ang dalaga, hinayaan niyang ang tatlo ang nag-uusap.

Nang matapos ang dinner, nais na sana niyang magpahinga na. Ngunit dahil naipangako niya sa kanyang papa na babantayan niya si Rory, hindi siya bumalik sa cabin.

Napilitan siyang sumunod sa tatlo nang magkayayayaan ang mga itong pumunta sa Tropicana Music Room sa isang bahagi ng barko.

Kasalukuyang tumutugtog ang orchestra pagdating nila roon.

"Gusto mo bang magsayaw?" tanong ni Brix.

"Huwag na, napapagod na kasi ako," malumanay na tanggi ni Kasey.

"Come on, Kasey, enjoy. Mahusay akong sumayaw. Marami kang matututunan sa akin."

Nagkangitian ang magninang. Kung may isang bagay na mahusay ang dalaga, ito ay ang pagsasayaw. Kasa-kasama siya ng ama noong miyembro pa ito ng isang banda tuwing may gigs ang grupo nito sa nightclubs. Lahat yata ng klase ng sayaw ay alam niyang sayawin.

Naramdaman niyang pinagmamasdan siya ni Jordan. Nagkaroon siya bigla ng hangarin na ipakita rito na mayroon din siyang nalalaman sa

pakikipagsosyalan.

Ngumiti siya kay Brix. “Sige, isang sayaw.”

Cha-cha ang tinugtog ng banda at buong husay na sumayaw ang pareha.

“Ikaw pala ang dapat magturo sa akin,” humahangang sabi ng lalaki. “Saan ka natutong sumayaw nang ganyan?”

“Tinuruan ako ng mga parents ko,” simpleng tugon ni Kasey.

Tumugtog ng sweet music ang orchestra at nilukob siya ng mga bisig ni Brix. Bagay na hindi niya nagustuhan. Naging uncomfortable siya. Pinipilit niyang ilayo ang katawan sa kasayaw, pero sinisikap naman nitong lalo siyang mapalapit sa bulto nito.

Napatingin siya sa kanilang mesa at nakitang nakatitig sa kanya si Jordan. Pormal ang anyo ng lalaki habang pinapanood sila ni Brix.

Dapat ay matuwa ang dalaga dahil halatang nagseselos ito, pero naaasiwa siya sa ang mga titig nito.

Walang anu-ano ay tumunog ang cellphone ni Brix at napilitan itong bitiwan siya.

"May kailangan akong asikasuhing emergency. Ipagpaumanhin mo, Kasey, pero babalik agad ako."

Nakahinga siya nang maluwag.

Bumalik siya sa kanilang mesa at naabutan niyang niyayaya ni Jordan si Rory para magsayaw.

"Naku! Hindi ako mahilig sumayaw at masakit ang paa ko," anang babae.

Tumaas ang kilay ni Kasey. Kailan pa hindi nahilig sa sayaw ang kanyang ninang?

"Kailangan kong pumunta sa powder room," sabi pa nito. "Kung talagang gusto mong sumayaw, Jordan, bakit hindi na lamang si Kasey ang isayaw mo?"

Napasinghap siya nang tumingin ang dalawa sa kanya. Siya, makikipagsayaw kay Jordan? Napalunok siya.

"Gusto mo bang sumayaw, Kasey? Iyan naman ay kung hindi ito ikagagalit ni Brix."

Napikon ang dalaga. "May inasikasong business matter si Brix. Ngunit natitiyak kong wala siyang pakialam kung kanino ko gustong makipagsayaw. At wala din akong pakialam kung ano ang isipin niya."

"Mabuti kung ganoon." Tumayo si Jordan at hinawakan ang kamay niya.

Dumukwang si Rory at may ibinulong sa kanya.

"Huwag kang papayag na maisayaw siya ng iba, lalo na iyong babaeng palaging nakatingin sa kanya." Ininguso nito ang direksyon ng mesa kung saan nakaupo ang babaeng malagkit ang tingin kay Jordan. "Babalik agad ako."

Walang nagawa si Kasey kundi ang sumang-ayon. Nainis siya nang maisip niyang tila hindi siya isang good competition para rito. Higit pang nangangamba si Rory roon sa cheap-looking woman na itinuro nito—si Big Boobs.

Isang sweet number na naman ang tinugtog ng band and Jordan drew her easily into his arms. Hindi ito kasing-husay ni Brix sa pagsasayaw pero marunong din ito. Naging harmonious ang pagsasayaw nila sa kabila ng agwat ng kanilang height. Okay lamang ang yakap ni Jordan sa kanya. Hindi mahigpit.

"Magpanggap ka namang ine-enjoy mo ito," pakiusap nito. "Baka isipin ng nakakakita sa atin kung inaano na kita. Na tino-torture kita sa halip na isinasayaw."

Hindi nito alam na talagang nato-torture si Kasey. His nearness caused her body to respond despite her efforts to remain indifferent.

Damang-dama niya ang hard, lean torso ng lalaki na nakadikit sa kanyang katawan, the warmth of his big hand enveloping her small one, the lightness of his arm embracing her waist, the strength of his shoulder where her other hand was holding him. She could smell the subtle, spicy fragrance of his cologne.

And the way he looked at her... Parang malulunod siya sa warm brown eyes ng lalaki, na parang napaka-sincere.

Pinilit niyang ngumiti.

“Ganyan. Bakit ba tila masyado kang inis sa akin, Kasey?”

“Nakaugalian ko na marahil na mainis sa lahat ng mga nagkakagusto kay Rory. Hindi ko kasi gusto ang mga ito. Tila madalas siyang ma-attract sa isang lalaking hindi karapat-dapat. Rory always fall for the wrong man,” prangkang tugon niya.

“Paano kung nagkataong naiiba naman ako?” Humagod ang mga daliri ni Jordan sa likod niya. “Paano kung maayos naman ang buhay ko, may

maganda akong trabaho at stable ang financial status ko? At isang maginoo na walang balak mapatali kay Rory?"

Hindi siya sumagot. Tila naparalisa ang utak niya dahil sa init ng kamay nitong humahagod sa kanyang likod.

"Posible naman ito, hindi ba?"

Parang natauhan si Kasey. Ano ang nangyayari sa kanya? Bakit siya pumapayag na gawin ito ni Jordan sa kanya?

"Maaaring maayos ang buhay mo, maganda ang career at financially secured ka, pero ang maging isang maginoo? No, you're not. Hinahaplos mo ang bahagi ng katawan kong hindi dapat na hawakan in public. At isang aso lamang ang maaaring maghabol sa dalawang babae nang sabay. Dalawang babaeng close sa isa't isa. Tapos na ang sayaw, Mr. Martel, at kapag sinabi ko kay Rory ang mga ginagawa mo, tapos ka na din sa kanya."

Tila nabigla si Jordan sa outburst ng dalaga. Binitiwan siya nito at hinayaang lumayo.

Pinigil ni Kasey ang sarili na tumakbo. Mahinahon siyang lumayo sa dance floor at nang madaanan niya ang kanilang mesa ay hindi na siya

naupo. Tuluy-tuloy siyang naglakad patungo sa exit ng Tropicana Music Room.

May bahagi ng kanyang pagkatao na nagsabing tama ang ginawa niyang pagpakita ng poot kay Jordan. Nararapat lamang iyon dito.

Ngunit aminado rin siyang nagustuhan niya ang haplos nito.

For the first time in years, she felt the full force of her own healthy, feminine response to a man's touch. Nakaramdam siya ng nanlalambot na mga tuhod, fluttering stomach, heart palpitation and an insistent tug deep in her abdomen.

An ache that begged for fulfillment.

Kung hindi niya nagawang magalit, natunaw na sana siya sa mga bisig ni Jordan.

Itiningala sana niya ang mukha para tanggapin ang halik na alam niyang nasa isipan ng binata.

At marahil ay labis siyang nasiyahan dito.

Napalunok na lamang ang dalaga at nagpakawala ng isang malalim na buntonghininga.

# 3

Kinabukasan, ipinasya ni Kasey na kalimutan ang lahat ng mga nangyari nang gabing nagdaan. Napakaganda ng panahon sa labas.

Isinuot niya ang kanyang swimsuit na emerald green. Nagpasya siyang matapos niyang magpakabusog sa isang masarap na almusal ay maliligo siya sa pool sa top deck. Maghahanap siya ng lounge chair sa ilalim ng payong para makapagbasa ng isang bestseller.

Hindi siya kailangang mabahala sa kanyang ninang. Lagpas alas dos ng madaling-araw nang dumating sa cabin si Rory na lasing at umaaktong parang teen-ager. Alam niyang may naghatid dito at tila nahuhulaan na niya kung sino.

Alam na niyang mananatili sa kama ang nakatatandang babae hanggang hapon.

Naisip niyang kailangan niyang hiramin ang bote ng sunblock ni Rory. Ginamit niya ang connecting door at dahan-dahang pumasok sa kuwarto ng ninang. Nadatnan niyang nasa kama pa rin ang babae na nakatakip pa ang mga mata para hindi

masilaw sa araw na sumisilip sa loob ng cabin.

Akala niya ay natutulog pa ito pero nagkamali siya. Gising na pala ang kanyang ninang nang alisin nito ang takip sa mga mata at tumingin sa kanya.

"Ano'ng hinahanap mo, Kasey?" tanong nito nang makitang may hinahanap siya sa dresser.

"Sorry, Ninang, at naistorbo kita. Hihiramin ko sana iyong sunblock mo."

"Naroon sa beach bag, kunin mo na. Bakit ba ang aga mong umalis kagabi? Na-miss mo ang champagne."

"Hindi na maaga iyon dahil lampas na ang hatinggabi."

Sooner or later, kailangan na niyang sabihin kay Rory ang tungkol pagiging playboy ni Jordan. Isa iyong paraan na alam niya upang mawalan ito ng gana sa lalaki.

"Akala ni Jordan nagalit ka sa kanya," mayamaya ay pukaw ng nakatatandang babae.

"Iyon ba ang akala niya?"

"Galit ka nga ba?" paniniguro nito.

"Kaunti. Mag-ingat ka sa lalaking 'yon, Ninang.

Tila hindi marangal ang intensyon niya."

"Dapat lang naman."

"Ninang!"

"Kasey, may edad na ako at hindi ko kailangan ng bodyguard sa love life ko."

"Kailangang may mangalaga sa iyo. Padalos-dalos kayo sa inyong mga desisyon," paalala niya.

Inignora na lamang iyon ni Rory. "Saan ka naman pupunta ngayong kay aga-aga pa?"

"Maliligo ako sa pool pagkatapos kong mag-almusal. Gusto mo bang sumama?"

"Hindi na muna. May hangover pa ako."

Ibinalik ni Rory ang mask sa ibabaw ng mga mata nito. "Magkita na laman tayo at a more civilized hour."

Nagkibit-balikat si Kasey, dinampot niya ang beach bag ng ninang at nagbalik na sa sariling cabin.

Mabigat ang bag, tila may lamang bola ng bowling.

"Ano kaya ang mga laman nito?" tanong niya habang binubulatlat ang mga laman niyon.

May tube ng lip balm, skin moisturizer, under-eye moisturizer, dalawang pares ng sunglasses, tatlong bandana at dalawang malaking bote ng suntan oil. Ang side zipper pockets ay naglalaman ng rollers ni Rory, tissue at isang custom jewelry na kuwintas na nakabalot sa bandana.

Pinagmasdan iyon mabuti ni Kasey. Napakaganda niyon at parang totoo ang mga bato. Subalit alam niyang hindi kaya ng bulsa ni Rory na bumili ng alahas ng may ganoon kalaking mga bato kung tunay ang mga ito.

Ngunit obvious na expensive piece of fakery ang kanyang nakita. Kailangang pagsabihan niya ang nakatatandang babae na ingatan ito.

Inilapag niya ang kuwintas sa ibabaw ng dresser at balak niyang isauli ito sa ninang pagkatapos.

Pumili siya ng ilang essentials at ibinalik ang mga ito sa beach bag. Matapos isuot ang kanyang straw hat ay binitbit na niya ang bag. Lumabas siya ng cabin at tinalunton ang daan patungo sa deck.

---

"Ang nakawan ay naganap sa pagitan ng ikasiyam ng gabi hanggang ala una ng madaling-araw," mahinang sabi ni Brix at maingat itong napapalingon

para tiyaking walang nakakarinig sa sinasabi. Nag-uusap sila ni Jordan tungkol sa nakawang naganap nang nagdaang gabi na nagpapatunay na ang magnanakaw sa *M/V Royal Star* ay gumagala.

"Ano ba ang ninakaw?" tanong ni Jordan.

"Isang sapphire and diamond necklace na nagkakahalaga ng two hundred thousand pesos," sagot nito. "Mabuti na lamang at ang may-ari nito ay hindi ang tipo ng babaeng hysterical. Maingat niyang ini-report ang nakawang naganap at nakumbinsi ko siyang manahimik para hindi maalerto ang magnanakaw." Saglit itong tumahimik. "Ano nga pala'ng nangyari na sa inyo ni Rory kagabi?" pag-iiba nito ng usapan.

"Wala. Inihatid siya ni Dr. Jarlego sa kanyang cabin. Sinundan ko sila at nanatiling nakamasid hanggang sa naipasya kong hindi gagawa ng anumang night stroll si Rory."

"Hindi nga ba?"

Umiling ang binatang detective. "Nanatili siya sa loob ng kanyang kuwarto mula nang ihatid siya ng doktor."

"Kung gayon pala ay hindi responsible sa nangyaring nakawan ang ninang ni Kasey?"

disgusted na tanong ni Brix.

"Wala akong sinabing ganyan." Damn, kung maaari lamang sana na gawin niyang alibi ni Rory ang sarili. Nagugustuhan niya ang ugali ng babae at natutuwa siya rito. Nagiging higit na mahirap na paniwalaan na isa itong magnanakaw ng alahas.

Ang higit na mahirap isipin ay ang magiging reaksyon ni Kasey kapag naaresto ang ninang nito.

"Nang umalis ka, nagtungo sa ladies' room si Rory," ani Jordan. "Nawala siya nang mga twenty minutes. Dapat sana ay sinundan ko siya pero hindi ko ginawa. Sinabi kasi niyang babalik siya agad."

Buhos ang atensyon niya sa pakikipagsayaw noon kay Kasey para mag-isip nang malinaw.

"Ayos na ang twenty minutes para isagawa ang pagnanakaw," giit ni Brix. Gusto na nitong maisara ang kaso na naging problema nito sa loob ng isang taon.

"Paano nakapasok sa cabin ang magnanakaw?" usisa niya.

"Ginamitan ng glass cutter ang terrace door. Isang malinis at mabilis na trabaho ang ginawa ng suspect. At ang cabin na pinagnakawan ay katabi ng

cabin ni Rory Chacon."

"Kung gayon, maaaring umakyat sa railing si Rory sa veranda nito at lumipat sa cabin ng biktima. Kahit fifty-five years old na ang babaeng iyon, slim siya at athletic. Hindi imposible ang nakawang naganap at ang pagkakayari dito. May fingerprints bang nakuha?"

"Wala," anito. "Tulad ng sinabi ko, malinis at mabilis ang ginawang pagnanakaw ng suspect."

"Bakit hindi mo agad sinabi sa akin nang maibigay ang report?" inis na tanong niya.

Tumigas ang anyo ng mukha ni Brix. "Akala ko naman ay may resulta na ang misyon mo kay Rory at ayaw kong pakialaman ito. Inisip kong nakapasok ka na sa cabin niya at nakakuha ng ebidensya." Halatang disgustado ito sa trabaho ni Jordan.

"Akala mo ba madali ito?" sita niya. "Hindi madaling lansiin si Rory."

"Hindi ganyan ang naririnig ko."

Oo nga, marahil hindi naging pursigido si Jordan kay Rory. Lalo na dahil tila enjoy ang babae sa piling ng doctor na naghatid dito sa cabin noong nakaraang gabi.

"Huwag kang mag-alala, yayayain din niya ako sa kanyang cabin," sabi na lamang ni Jordan.

"Alam mong puwede tayong gumamit ng pass key. Kung malalaman natin kung nasaan ang kuwintas ahead of time."

"Kalimutan mo iyan. Nagtatrabaho ako strictly by the book. Hindi tayo puwedeng magsaliksik nang walang pahintulot ang kapitan ng barko. At hindi ito magbibigay ng pahintulot kung wala tayong mabigat na ebidensya. So, kailangang yayain ako ni Rory sa loob ng cabin niya."

Natawa si Brix but it was without humor. "Kung minsan ay nagdududa na ako sa iyo, Jordan. Handa akong makipagpustahang mauuna pa ako sa kama ni Kasey bago ka makarating sa kama ni Rory."

Kinuyom ni Jordan ang mga kamay. Gusto niyang sapakin ang mukha ng kausap para mabura ang sarkastikong ngiti nito. Suklam siya sa attitude ni Brix. Halatang gusto talaga nitong maangkin si Kasey.

"Kailangan talagang mailayo ko si Kasey kay Rory. Sa gan'ong paraan ay makakakilos ulit ang kanyang ninang upang magnakaw. Hindi ko naman talagang type si Kasey pero puwede siyang

pagtiyagaan."

Puwedeng pagtiyagaan? Halos hindi na makapagpigil ang binata para sakalin ang kaharap. Si Kasey na ang sweetest combination of strength and vulnerability. One minute she was definitely feminine and the next, fierce as a tigress. Lalo na pagdating sa pagprotekta sa ninang nito. Paano nasasabi ni Brix na puwede lamang pagtiyagaan ito?

Bigla niyang na-realize na nagseselos siya. Ito ang naramdaman niya noong nakalipas na gabi nang makita niyang nakikipagsayaw ang dalaga kay Brix.

At nang sa wakas ay naisayaw niya si Kasey, tila nginitian siya ng mga anghel.

Kahit na parang napilitan lamang ito na makipagsayaw sa kanya, enjoy si Jordan sa pagtitig sa luminous eyes ng kasayaw. Hanggang ngayon ay dama pa niya ang katawan nito na nakadikit sa kanya.

She had enchanted him. And he had entirely forgotten himself.

At nagkaroon iyon ng epekto sa ginagawa niyang pagsisiyasat. Marami siyang gagawing trabaho para maisalba ang operasyon.

Hindi niya naipagtapat ang pagkakamaling ito kay Brix. Inaasahan niyang maaayos pa niya ang lahat.

Ini-relax ni Jordan ang nakakuyom na mga kamay. Walang katuturang matanggal siya sa kasong ito dahil lamang mababali niya ang ilong ni Brix. Isa pa, hindi siya dapat na mag-alalang mapupunta si Kasey rito. Maaaring inosente ang dalaga pero hindi ito estupida.

"Speaking of the devil, tingnan mo kung sino ang nasa buffet table," sabi ni Brix.

Napatingin si Jordan sa direksyon na sinabi ng kausap at nakita niya si Kasey, nakasuot ito ng sunglasses at terry robe. May nakasukbit na beach bag sa balikat nito.

Hindi nito kasama si Rory.

"Bakit hindi mo na lamang pabayaan si Kasey?" inis na sabi niya kay Brix nang mapansin niyang tila naghahanda na ang kausap na puntahan ang dalaga. "Hindi naman siya kasali dito."

Pero tila walang narinig ang security chief. Kaagad itong nakalapit kay Kasey at pinagsilbihan sa pagkuha ng pagkain sa kabila ng pagtutol ng dalaga.

Napilitang sumunod si Kasey kay Brix dahil dala nito ang tray ng kanyang almusal.

"Good morning," bati niya kay Jordan nang makita ito. "Mukhang napakaaga mong nagising gayong napaka-late mo nang natulog kagabi."

Tila nagulat si Brix. "Paano mo nalamang late nang natulog si Jordan?" tanong nito.

"Lampas two o'clock nang umaga nang makabalik ang ninang ko sa cabin niya. Alam kong magkasama sila ni Jordan."

Kahit na si Brix ang kausap ng dalaga, kay Jordan siya nakatingin at alam ng detective na naghahamon siya para kontrahin nito ang sinabi niya.

"Hindi ko kailangan ang mahabang tulog," nakangiting saad ni Jordan.

"Gusto mo bang ikuha kita ng kape?" tanong ni Brix sa babae.

"Yes, please. Black."

Nagmamadaling sumunod si Brix at inilagay pa nito ang malaking beach bag ng dalaga sa ilalim ng mesa para makalapit ito nang husto kapag naupo sa

kanyang tabi.

"Nasaan si Rory? Bakit hindi mo siya kasama?" tanong ni Jordan.

"Hindi maganda ang pakiramdam niya," aniya saka naupo sa harapan nito. Her eyes were impossible to read behind her dark glasses.

"Nagpunta na ba siya sa doktor ng barko?"

"Hindi naman serious. May hangover lamang."

Gusto sanang maniwala ni Jordan dahil nang nakaraang gabi, napansin niyang tila lasing na nga si Rory. Sinundan niya ito at ang doktor hanggang sa cabin ng babae. Pero maaaring umaarte lamang ito, naisip niya. Dahil kailangang hindi ito lasing para maisagawa ang pagnanakaw sa nawawalang kuwintas.

Umandar ang isip ni Jordan. Ito na ang pagkakataon para makapasok siya sa cabin ni Rory at magsaliksik.

"Makabubuti kayang dalawin ko siya?" tanong niya. "Gusto ba niya ng mga bulaklak at masisiyahan ba siya sa mga gan'on?"

Napansin ni Jordan na umasim ang mukha ni Kasey. Pero mabilis na napalitan ang expression

doon.

"Napaka-sweet mo naman, Jordan. Gustung-gusto nga ni Rory ng mga bulaklak, lalo na ang roses. At chocolates. Iyong may nuts sa gitna ang preference niya. Maaaring kapag dinalhan mo siya ng gan'on, bubuti ang pakiramdam niya."

Nanibago siya sa pakikitungo sa kanya ngayon ng dalaga. Gusto niyang isiping nasiyahan ito dahil sa pagiging maalalahanin niya sa ninang nito. Pero hindi ganoon ang pakiramdam niya.

"Baka naman gusto mo lamang akong paalisin, Kasey?"

May kapilyahang mababanaag sa ngiti nito. She gave him a heart-stopping glimpse of those amazing clear black eyes.

"Of course not. Pero kung talagang kursunada mo si Rory, dapat na gawin mo ang makakapagbigay ng kasiyahan sa kanya," katuwiran nito.

Nakapagdesisyon na ba si Kasey na karapat-dapat siya para kay Rory? Somehow, hindi niya nagustuhan ang kanyang naiisip.

Ininom ni Jordan ang kanyang kape. Ayaw sana niyang iwan ang kausap kahit nakakapagtaka na

bigla itong bumait sa kanya. At dahil naroon si Brix na alam niyang didikit nang husto sa dalaga.

But there is the call of duty. Kailangan niyang tuparin ang kanyang misyon sa barko.

Nakakita naman siya ng roses and chocolates na may nuts sa gitna sa isang well-stocked gift shop ng luxury liner. Sumisipol pa siya habang naglalakad patungo sa cabin ni Rory.

Nang kumatok siya roon, nasabi ng binata sa sarili na ito na ang huling undercover work na gagawin niya. Ayaw na niya ng trabahong may kahalong panlilinlang sa kapwa.

Matagal niyang diniinan ang buzzer bago bumukas ang pinto at sumilip ang isang napakapulang mata.

"Mahahabaging Diyos!" bulong ni Rory. Mabilis nitong isinara ang pinto ng cabin at kinuha sa dresser ang sunglasses upang isuot iyon sa namumulang mga mata. Pagkatapos ay muli nitong binuksan ang pinto at kinausap si Jordan. "Ano'ng ginagawa mo dito sa ganitong ungodly hour?"

"Sinabi ni Kasey na hindi maganda ang iyong pakiramdam kaya dinalhan kita ng roses and chocolates with nuts para sumaya ka."

Niluwangan ni Rory ang pagkakaawang ng pinto para tingnan ang dala niyang long-stemmed red roses at chocolates.

“Dear boy,” anito na napahinga nang malalim. “Walang ano man ang pakiramdam ko pero may hangover ako. Tulog lamang ang makakagamot dito. Sa susunod, tandaan mo sana na hindi ako nakikipagsosyalan sa araw. Allergic ako sa roses at ayaw ko ng chocolates na may nuts.”

Sinimulan na nitong isara ang pinto pero saglit na tumigil. “Ikinalulungkot kong nasayang ang iyong pera. Pero huwag mong itatapon ang chocolates dahil paborito ni Kasey ‘yan.”

Sumara na ang pinto at naiwan si Jordan na ang pakiramdam ay isang complete fool.

Na-realize niyang ang biglang kabaitan ni Kasey was too good to be true. Dapat sana ay naamoy niya ang bitag. Ano na ang nangyari sa mga instincts niya na ipinagmalaki ng kanyang boss kay Brix Salvosa?

Ibinigay ni Jordan ang mga roses sa isang may-edad na babae na nakasalubong niya pero itinago niya ang chocolates. Paborito niya ang chocolates with nuts. At nakahanda siyang kainin lahat ang mga ito kahit na mabulunan siya kaysa ibigay niya

kahit ang isa sa mga ito kay Kasey.

---

Nasira ang umaga ni Kasey. Una, dahil nagkita sila ni Jordan at ngayon ay nakakaramdam siya ng guilt. Tiyak na nginuya ni Rory ang chocolates at pagkatapos ay isinuka. Pangalawa, napilitan siyang makipag-breakfast kay Brix na nagmistulang isang nerbyosong waiter sa pagsisilbi sa kanya. Hindi tuloy siya nakakain. Parang lintang kumapit sa kanya ang binata at naiinis siya rito.

Ngayon ay nakaupo na siya sa lounge chair sa ilalim ng payong at hawak ang bestseller na dapat niyang basahin. Pero dahil may istorbo, ni isang pahina niyon ay hindi pa niya nagagawang buklatin.

Desididong makipag-usap sa kanya si Brix sa kabila ng pagpapahiwatig niyang gusto niyang mapag-isa.

Kailangang hampasin pa niya ang kamay nito para bitiwan ang beach bag niya nang sinubukan nitong kunin ang sunblock lotion para ibigay sa kanya. Nangilabot siya nang maisip na balak nitong ipahid ang creamy na likido sa kanyang katawan.

Halos mawalan na siya ng pag-asang maitaboy ang lalaki nang makita niyang palapit sa kinaroroonan

niya si Jordan.

Oras na para magbayad ng utang. Sa ngayon, alam na ni Jordan na niloko niya ito tungkol sa mga gusto ni Rory. Hindi niya dapat na ginawa iyon. Napaka-childish. Pero nakakasiya ng loob.

Pero mukhang hindi galit ang binata. Sa halip ay mababakas ang pag-aalala sa anyo nito.

"Mabuti at nakita kita, Kasey. Hindi talaga maganda ang pakiramdam ng ninang mo at nakiusap siyang ihatid kita sa cabin n'yo."

"Ganoon ba?" Biglang tumayo ang dalaga at isinuksok ang libro sa kanyang beach bag. "Nagpunta na ba siya sa doctor?"

"Hindi pa. Huwag kang mag-panic, hindi naman malala ang karamdaman niya."

"Excuse me, Brix, pero kailangan kong puntahan si Rory," baling niya sa security chief ng barko.

"Gusto mo bang samahan kita?"

"Hindi na," magkapanabay na sabi nina Kasey at Jordan.

Hinawakan siya ni Jordan sa siko upang alalayan. Umalis na sila sa pool area. Nakababa na sila mula

sa top deck nang tumigil sa paglalakad ang lalaki.

“Sandali, wala naman talagang karamdaman si Rory,” anito.

Nagtaka siya. “Pero bakit…?”

“Nakita ko kasing gusto mo nang makawala kay Brix at iyon lamang ang paraang naisip ko para ilayo kita sa kanya.”

“Hindi tama ang ginawa mo. Kaya kong kumawala kay Brix nang mag-isa. Pinakaba mo ako at nagsinungaling ka sa akin,” mataray na tugon niya.

“Kung ganoon, masasabi kong amanos na tayo.”

Oo nga naman. Nawala ang galit ni Kasey. Biglang naging nakakatuwa ang lahat at natawa siya na ikinabigla ni Jordan.

“Inis na nga ako kay Brix. Sana naman ay hindi naging malupit sa iyo si Rory.”

“Hindi naman. Muntik nga lamang mabali ang ilong ko nang pabigla niyang isinara ang pinto sa mukha ko.” Parang dinadaan na lamang ni Jordan sa biro ang lahat, naisip ng dalaga. “Mamayang dinner, makakalimutan din niya ang lahat.”

"Ngunit hindi madali kay Rory ang magpatawad oras na sasabihin ko sa kanya ang tangka mong makipag-flirt sa akin. Hindi ko pa nakakalimutan 'yon."

"Ganoon din ako."

Nangatog siya sa tono ng boses nito. Pero inisip niyang sanhi lamang iyon ng hangin na biglang lumamig. Marahil ay alam na ni Jordan na hindi na ito puwedeng makipag-flirt sa kanya kahit na ano ang mangyari.

Nagsimula nang lumayo ang dalaga pero hindi niya alam kung saan pupunta. Kapag bumalik siya sa pool, naroon si Brix. Kung babalik naman siya sa kanilang cabin, baka magambala pa niya ang galit pang si Rory.

"Nakapunta ka na ba sa Health Club ng barko?" tanong ni Jordan. "Naisip kong pumunta doon. Gusto kong pagmasdan ang operations dito at makabubuting mayroong opinion na manggagaling sa babae."

"Tiyak na makakakita ka ng kahit isang dosenang babaeng sasama sa iyo."

"Pero walang kasing-talino mo, Kasey," anito na matamang nakatingin sa kanya.

"Bakit mo ba ako pinagkakaabalahan? Alam mo namang ayaw ko sa iyo."

"Gusto kong magustuhan mo ako."

May honesty sa tinig nito na ikinasiya ni Kasey.

"Bakit? Puwede namang makipagkita si Rory kahit kanino at wala siyang pakialam kung gusto ko o hindi ang lalaking napipisil niya. Nilinaw niya ang bagay na ito sa akin kaninang umaga."

"I still want you to like me," ulit nito.

Natutunaw siya sa mga salita ni Jordan. Ano bang laro ang gusto nitong laruin? At bakit tila excited siyang makipaglaro rito?

"Alam mo bang napaka-close kayo ng ninang mo at nakakapanghinayang na matapos ang pagkakaibigang ito."

"Hindi naman kami magkakahiwalay," salungat niya.

Sabay na silang nagtungo sa Health Club ng *M/V Royal Star*. Napakaganda roon. Masasabi ng dalaga na first-rate ang mga facilities at well-equipped ang lugar para sa mga pasaherong nais magpalipas ng oras doon.

# 4

Dalawa ang hot tubs sa loob ng Health Club. Isa ay nasa loob at ang isa ay nasa deck. Pinili ni Kasey ang tub na nasa deck dahil mas malaki ito.

Masarap ang pakiramdam niya nang lumublob ang kanyang katawan sa hot tub. She leaned her head back and closed her eyes, clearing her mind.

Naramdaman niya ang paglapit ni Jordan pero hindi niya iminulat ang mga mata. Pinigil niya ang sariling makita ang lalaki sa suot nitong kapirasong swimming trunks. Pinilit niyang huwag maapektuhan sa pagkakalapit nila.

Ngunit higit na matindi ang imagination niya. She pictured him sliding into the water, his leg muscles flexing, his chest tan and rippling.

*Marami ba siyang buhok sa dibdib?* naitanong niya sa sarili.

Alam ni Kasey exactly nang maupo si Jordan sa kanyang tabi dahil nasamyo niya ang aftershave cologne nito na humalo sa chlorine at sunshine.

“Napakalaki ng tub na ito. Bakit kailangang

maupo ka na napakalapit sa tabi ko?" asik niya.

"Kung sa kabila ako uupo, masisilaw ako sa araw," simpleng tugon nito.

"Napakababaw na katuwiran. Pinipilit mong tuksuhin ako pero hindi mo maikakama si Rory o ako. Titiyakin ko ito."

"Kasey…" Humaplos ang basang daliri nito sa pisngi ng dalaga. "Wala akong hangaring ikama ang ninang mo. Maganda nga siya pero ikaw ang nakaka-attract sa akin. Sa iyo ako interesado. Ito ang naramdaman ko noong una pa lang kitang nakita."

Naramdaman ni Kasey na kumakabog ang puso niya. Ano ang ginagawa ng lalaking ito sa kanya? At bakit tila wala siyang magawa para kontrahin ito?

"Pero nakasama mo si Rory sa pag-inom ng champagne hanggang alas dos ng madaling-araw."

"Nagkakamali ka. Si Dr. Jarlego ang nakasama ni Rory na uminom ng champagne. Inabot nga sila sa pag-inom hanggang alas dos ng madaling-araw at si Doc din ang naghatid sa kanya sa cabin."

"Hindi ako nakikipagkompetensya sa ninang ko, Jordan. Siya ang unang nakakita sa iyo. Ikaw ang gusto niya at ayaw kong pumagitna. Maliwanag

na ba ang—"

Hindi natapos si Kasey ang iba pang sasabihin dahil hinaplos ni Jordan ang mukha niya.

He leaned closer at na-realize niyang hahalikan siya nito.

He turned her face toward him.

Hindi niya maaaring gawin ito, her mind protested. But somehow, the protests did not reach her lips. Jordan's mouth took possession of hers and she drew a ragged breath, intending to say something. Anything.

His kiss was better than anything she could have dreamed of—warm, passionate and sensual. Dahil doon, parang nawala lahat ang willpower niya, stealing her peace of mind, as well as the air from her lungs.

Bago niya napigil ang sarili, ikinawit niya ang mga kamay sa leeg ni Jordan para lalo silang magkadikit.

Hinapit siya ng lalaki paupo sa kandungan nito and his kiss grew more insistent, his lips moving hungrily against hers. His tongue stroked against her mouth, coaxing it to open  as his hands roamed

over her back.

She parted her lips and accepted the intimate invasion inside her mouth.

*Isang kabaliwan ito*, kulit ng kanyang isipan. But she could not ignore the pure, unadulterated happiness that was consuming her.

May narinig na ingay si Kasey, bumukas ang sliding door ng Health Club. Nakarinig sila ng isang pagsinghap mula sa kung sino at nagmamadali itong umalis.

Natauhan siya. Bigla siyang kumalas sa mga bisig ni Jordan.

“Napakagaling mo sa ganito, alam mo ba?” sabi niya pero hindi tumitingin ang kausap.

Napansin niya ang makapal na balahibo ng lalaki sa dibdib nito, dark, springy curls that glistened with droplets of water.

Ngumiti ito. “Marami ngang nagsasabi sa ganyan.”

“Hindi isang compliment ang sinabi ko. Hindi mapagkakatiwalaan ang isang lalaking napakahusay sa seduction.”

Ang totoo, walang tiwala si Kasey sa kanyang sarili. Lumayo siya sa binata sa hot tub.

Nawala ang ngiti nito. "Hindi kita tinutukso para maikama, Kasey. Gusto lamang kitang halikan. Matagal ko nang gustong gawin ito."

Hindi siya kumibo pero halatang hindi siya naniniwala.

"Okay, aaminin kong nagkaroon din ako ng balak na gawin iyon. Pero gusto ko munang makilala ka nang husto at makilala mo din ako. Natatakot ka bang matuklasang hindi naman ako napakasamang tao after all?"

Tumaas ang kanyang kilay. "Kilala na kita. Ikaw ang uri ng lalaking oportunista na sasabihin at gagawin ang kahit ano para maikama lamang ang isang babae. Well, hindi ka papasa sa akin kaya tigilan mo ako."

Umahon mula sa mainit na tubig si Kasey, isinuot niya ang kanyang robe at lumayo sa kausap.

Hindi humabol si Jordan. He realized that he had done enough damage for one morning. Sa kagustuhan niyang mapalapit sa dalaga, lalo lang lumayo ang loob nito sa kanya.

Dapat sana ay naghintay siya ng magandang pagkakataon para halikan si Kasey. Iyong pagkakataong hindi ito asiwa sa kanya. Ngayon, huli na ang lahat. Kung nag-respond man ang babae sa mga halik niya, ang hormones nito ang gumana at hindi ang isip nito.

Dapat siguro ay sabihin na niya kay Brix na nabigo ang hangarin niyang makapasok sa cabin ni Rory. May pakiramdam siyang pagkakaisahan na siya ng dalawang babae.

*Mabuti na nga siguro ito*, naisip ni Jordan. Ang assignment na ito ay hindi na maganda. Hahayaan na niyang iba ang pumalit sa kanya para arestuhin si Rory at paghiwalayin nito ang magninang.

---

Habang pabalik sa kanilang cabin, iniisip ni Kasey kung paano niya sasabihin na hindi karapat-dapat si Jordan sa pagtingin ng kanyang ninang.

Naitanong niya sa sarili kung may nagawa siya para matukso sa kanya ang binata. Kailangan na niyang alisin ito sa kanyang isip kaya dapat na niyang sabihin kay Rory kung anong klaseng lalaki si Jordan.

Kumatok siya sa connecting door ng kanilang

cabin.

“Tuloy,” masayang tugon ni Rory. Wala na itong hangover.

Nasa harap ito ng dresser at naghahandang ilagay ang false eyelashes.

“Sorry na inistorbo ka ni Jordan dahil sa dinala niyang roses and chocolates. Ako ang may kagagawan niyon,” pag-amin niya.

“Alam ko. Kasey, hindi maganda iyong ginagawa mo.”

“Inis kasi ako kay Jordan. Isang two-timer siya at hindi na dapat tayong makihalubilo sa kanya.”

Napakunot-noo ito. “Bakit mo naman nasabi iyan?”

“Dahil kapag nakatalikod ka, naghahanap siya ng ibang babae.”

“Ibang babae?” paniniguro nito.

“Isang babae, okay? Ikinalulungkot kong ako pa ang magsabi nito sa iyo pero kailangang malaman mo.”

“Hija, malaya si Jordan na maghabol sa kahit kaninong babae. Wala kaming kaugnayan maliban

sa maliit at inosenteng flirtation. Inaamin kong enjoy akong kasama siya pero napakabata niya para sa akin," katuwiran ni Rory.

"Pero mas matanda siya kay Marlo," aniya. Si Marlo ay isang dance instructor na kinahumalingan ng kanyang ninang. Muntik na itong magpakasal sa lalaki.

"Ah, oo, si Marlo. Pero isa iyong napakalaking pagkakamali at hindi na mauulit. Sa ngayon, mas enjoy ako sa piling ni Dr. Jarlego kaysa kay Jordan."

"Sino ang naghatid sa inyo sa cabin kagabi?" nais niyang malaman kahit binanggit na iyon ni Jordan.

"Si Doc, of course. Akala mo si Jordan?" Umiling ang ninang niya. "Hindi, hija. Ngayon, sino naman ang babaeng hinahabol-habol ng lalaking 'yon? Huwag mong sabihing iyong malaki ang boobs." Napangiwi ito. "Inaasahan kong maayos ang taste niya."

"Hindi. Hindi siya. Ako ang hinahabol ni Jordan."

Halos malaglag ang panga ni Rory. "Hindi ka ba nagbibiro?"

"Napakahirap bang paniwalaan ang sinabi ko?"

"Hindi naman sa ganoon. Lamang, alam kong inis ka kay Jordan at ipinakita mo ito sa kanya."

"Pero gusto niya ng isang challenge."

Napangiti si Rory. "Well, napaka-interesting na development ito. Sabi ko na nga ba na ang salt air ay may magandang effect sa libido." Hindi na nito itinuloy ang paglalagay ng false eyelashes at naupo sa tabi ng inaanak sa kama. "Gusto kong malaman ang lahat ng nangyari. Ano sinabi ni Jordan? Ano'ng ginawa niya? Ano'ng ginawa mo?"

"Hindi ka nagagalit?" paniniguro ng dalaga.

"Bakit ako magagalit na nakatagpo ang inaanak ko ng lalaki… at isang napakaayos na lalaki at that?"

Nag-isip si Kasey. So, maayos pala si Jordan sa standards ni Rory. At ang choice ng lalaki ay siya. Siya ang gusto nito.

Napakagat-labi siya. "Lord, pero mukhang pinalpak ko ang lahat."

"Oh, Kasey, ano'ng ginawa mo?"

"Tinawag ko si Jordan na oportunista at two-timer."

"Napakabrutal mo naman pala. Pero hindi sapat

iyon para masayang ang lahat. Makakagawa ka pa ng paraan para maiayos ang pinsala. Mag-shower ka, ipipili kita ng magandang damit, aayusan kita at—"

Umiling siya. "Hindi, Ninang. Ayaw kong masabi ni Jordan na tinutukso ko siya. Hayaan na lamang nating manatili sa ganito ang sitwasyon."

"Pero hindi maaari. Umiibig sa iyo si Jordan pero ininsulto mo siya. Dapat man lamang na mag-apologize ka. Ayaw mong isipin niyang malupit ka at walang puso, hindi ba?"

Alam ni Kasey that she owed the man an apology. Tumango siya.

"Okay then, ihanda mo ang sarili mo at isipin mo na kung paano ka hihingi ng apology kay Jordan."

Alam niyang dapat niyang sundin ang ninang sa pagkakataong ito.

"Ni hindi ko alam kung s'an nakatira si Jordan. Baka hindi na kami magkita pagkatapos ng cruise na ito."

"Ano ka ba naman? Nakatira siya sa Maynila at alam ko ang address niya. Ibinigay sa akin. Magkikita pa rin kayo."

INAYOS MABUTI ni Kasey ang sarili para sa muli nilang pagtatagpo ni Jordan. Pero hindi niya ito kaagad nakita. Bandang hapon na nang makita niya ang lalaki habang nasa isang aerobics class siya.

Lumapit siya rito.

"Hi, Jordan. Ano'ng ginagawa mo dito?"

"Pinaplano ko lamang ang susunod kong seduction. Hindi ba isang gigolo ang tingin mo sa akin, Kasey?"

Malalim ang hinanakit na nakita ng dalaga sa mga mata ni Jordan. Sinaktan niya ito. Hindi niya akalaing makakasakit siya ng damdamin ng isang lalaking tulad nito.

"Ikinalulungkot ko, Jordan. Pagkatapos naming mag-usap ni Ninang, nalaman kong lahat ng sinabi mo ay pawang katotohanan. Maaaring isa kang hopeless flirt, pero wala naman masama d'un."

Hindi kumibo ang lalaki. Nanatiling lamang itong nakatitig kay Kasey, his gaze boring into her eyes.

"Dapat mong maintindihan na sensitive ako sa pakikipag-compete kay Ninang. May nangyari na noon at ayaw ko na iyong maulit pa. Isang

karanasang ayaw ko nang mangyaring muli."

"Ang ibig mong sabihin, inagawan mo ng boyfriend si Rory? Ikuwento mo nga sa akin."

"Hindi ko magagawa iyan. Matagal nang nangyari iyon pero naglagay ng strain sa aming relasyon at mahalaga 'yun. Very close ako kay Rory at hindi ko siya puwedeng saktan."

"Alam ko."

"Kaya ako sumama sa cruise na ito… para pangalagaan si Ninang." Bago na-realize ni Kasey ang ginagawa, nasabi na niya kay Jordan ang tungkol sa love life ni Rory.

"Sinabi ng papa ko na tatalikuran na nito nang tuluyan ang ninang ko kapag na-involve pa siya sa hindi karapat-dapat na lalaki. Ayaw kong mangyari 'yun dahil alam kong liligaya sila sa isa't isa. Kailangan ng papa ko si Rory. At gusto ko siyang maging madrasta."

"Sa palagay mo kaya, lalayuan na siya ng papa mo kapag na-involve pa siya sa ibang lalaki?"

Tumango siya. "Oo. Galit ang Papa nang malamang sasama na naman sa isang cruise ang Ninang. Siya ang nag-suggest na samahan ko si

Rory."

"Mukhang handa na ang papa mo na pakasalan si Rory kaya siya nagkakaganoon. Well, tama ang pagkakasama mo sa cruise na ito."

Pero nababahala si Jordan. Paano kung si Rory nga ang jewel thief? Ano ang magiging pakiramdam ni Kasey at ang papa nito? He wished na hindi siya ang nakakuha ng assignment na ito.

"Sorry na ang tungkol sa papa ko ang sinasabi ko sa iyo. Ang gusto ko sanang pag-usapan natin ay ang tungkol sa ating dalawa."

"Mayroon bang… tayong dalawa?"

Tumiyad siya at dinampian ng halik ang bibig ni Jordan.

Nanigas ang katawan ng binata sa pagkakalapat ng malambot na mga labi ng dalaga sa kanyang bibig. Pinigil niya ang sarili na yapusin ito nang mahigpit sa pangambang baka muli itong maging mailap.

"Sa palagay ko, mayroong ikaw at ako," naibulong na lamang niya. He pressed his face into her hair.

Sa likod ng kanyang isipan ay may nangungulit na tinig. Na may tungkulin pa siyang dapat

gampanan. At binigyan siya ng pagkakataon ni Kasey para makapasok siya sa kanilang cabin.

Ipinaalala rin sa kanya ng tinig na iyon na nagsisinungaling siya sa dalaga at ginagamit pa rin niya ito.

Naglakad sila sa deck nang walang kibuan. Ngunit aware ang babae sa presence ni Jordan at excited siya.

Lihim siyang umaasa na hindi lamang magiging isang shipboard fling ang mamamagitan sa kanila ng lalaki. Nagiging serious na ang pakiramdam niya kahit na alam niyang maaari siyang dumanas ng isa na namang heartbreak.

Inisip niya na mahina si Rory dahil nagiging biktima ito ng hormones and her runaway heart. Ngayon, nauunawaan na ng dalaga kung paano ang ma-in love at nakaramdam siya ng sympathy sa ninang.

Nakasalubong nila si Brix at kaagad siyang dumistansya kay Jordan.

“Hi, Brix,” bati ng dalaga.

Pilit ang ngiti ng lalaki. “Nakausap ko ngayon lamang ang iyong ninang at tila wala na siyang

karamdaman."

"Nagkaroon lamang naman siya ng seasickness at hangover."

Tumango ito. Binalingan nito si Jordan. "Gusto kang makausap ng captain."

Sa pagkakataong ito, humiwalay na sa dalawa si Kasey.